


# ISANG GABAY TUNGKOL SA RSV

Enero 2024



## Mga sintomas

Ang mga tao na may respiratory syncytial virus (RSV) ay karaniwang magpapakita ng mga sintomas sa loob ng 4-6 na araw pagkatapos mahawa:


- matinding (tumutulong) sipon
- kakulangan sa gana kumain
- pag-ubo
- pagbahin
- lagnat
- mahigpit na paghinga

Ang mga sintomas na ito ay karaniwang lumalabas nang paunti-unti(may yugto), hindi lahat ng sabay-sabay.

**Sa mga sanggol na may RSV, ang mga tanging sintomas ay maaaring maging pagka-irita, pagbaba ng aktibidad, at problema sa paghinga.**

## Pagkalat

Ang RSV ay maaaring kumalat kapag:



- ang isang taong may impeksiyon ay umuubo o bumabahing
- ang mga tilamsik ng virus mula sa isang ubo o pagbahing ay pumapasok sa iyong mga mata, ilong, o bibig
- mayroong direkta o malapitang kontak sa virus, tulad ng paghalik sa mukha ng isang bata na may RSV
- hinawakan mo ang bagay kung saan may virus, pagkatapos ay hinawakan ang iyong mukha bago hugasan ang iyong mga kamay

Maaaring mabuhay ang RSV ng maraming oras sa sa mga bagay, tulad ng mga mesa at doorknob. Karaniwan itong nabubuhay sa mga malambot na mga bagay tulad ng mga tisyu at kamay nang mas maikli ang oras.

## Pag-iwas



Ang mga pagbabakuna ng RSV ay inirerekomenda lamang para sa mga sumusunod na grupo:

- Ang dalawang bakuna ng RSV (Arevxy ng GSK at Abrysvo ng P izer) ay mayroon nang lisensiya mula sa FDA at inirerekomenda ng CDC para sa mga taong nasa gulang na 60 taon at pataas.
- Ang isang bakuna ng RSV (Abrysvo ng P izer) ay may lisensiya at inirerekomenda sa ika 32 hanggang 36 na linggo ng pagbubuntis para sa kaligtasan ng mga sanggol.
- Ang isang pangiwas na antibody para sa RSV ay may lisensiya at inirerekomenda para sa mga sanggol at ilang mga bata.



Para sa iba na mas mababa ang posibilidad na magkaruon ng malubhang sakit na dulot ng RSV, ang pang-araw-araw na mga hakbang sa pag-iwas ay maaaring bawasan ang posibilidad ng pagkalat ng RSV.

- **Huwag lumabas ng bahay kapag may sakit**
- **Mag-hugas at mag-sanitize ng iyong mga kamay nang madalas**
- **Takpan ang iyong mga pag-ubo o pagbahing gamit ang tisyu o manggas ng kamiseta, hindi ang iyong mga kamay**
- **Iwasang hawakan ang iyong mukha nang hindi naghugas ng mga kamay**
- **Linisin ang mga madalas na hinahawakan na mga bagay**

Source: [www.cdc.gov/rsv](http://www.cdc.gov/rsv)

Resources in Asian, Native Hawaiian, and Pacific Islander languages:  
[www.aa-nhpihealthresponse.org/resources](http://www.aa-nhpihealthresponse.org/resources)